# Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Tagalog Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa Oregon

# Pangunahing Halalan

# Mayo 19, 2026

---

**Paunawa**

Ito ang panimula ng iyong Pamplet para sa mga Botante ng Deschutes County. Ang seksyong pang-County sa pinagsamang Pamplet na ito para sa mga Botante ay inilagay sa gitna ng seksyong pang-Estado. Ang bawat pahina ng Pamplet para sa mga Botante ng County ay malinaw na minarkahan ng color bar sa pinakagilid. Ang lahat ng impormasyong nakapaloob sa seksyong pang-county sa pamplet na ito ay tinipon at inilimbag ng inyong Kawani ng County.

# 2026 PAARALANG ELEMENTARYA (K-5) “I VOTED” (BUMOTO AKO) STICKER CONTEST

Salamat sa lahat ng lokal na mag-aaral na lumahok. Para makita ang lahat ng sumali ngayong taon, puntahan ang www.deschutescounty.gov/artcontest

Malugod na pagbati sa nagwagi sa Paaralang Elementarya (K-5) na “I Voted” (Bumoto Ako) Sticker
Contest: **Bodhi Andrews**, Kindergarten, Buckingham Elementary School
Tingnan ang full color na bersyon ng nanalong disenyo ng sticker ni Bodhi sa ating website.



Kawani ng County

Minamahal na Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet para sa mga Botante para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026 na ibinibigay ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na idinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na pangangatwiran para sa o laban sa ilang partikular na panukalang-batas. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet na ito.

Ipadadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Abril 29, 2026 sa bawat rehistradong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- **Ipadala sa koreo** ang iyong binotohang balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo o **ihulog ito** sa isang lokasyon ng opisyal na lugar ng drop box bago mag-**8:00 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 26, 2026 ay tatanggapin. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.
- Magbubukas ang mga lugar ng drop box sa Biyernes, Mayo 1. Tingnan ang pahina ng *Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota* sa pamplet na ito para sa higit na mga detalye.
- Makikita ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota nang hindi alpabetikong magkakasunod. Alinsunod sa ORS 254.155, ang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga letra ay isinasagawa bago ng halalan.
- Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita sa iyong balota. Tinutukoy ng iyong address ng tirahan ang mga distrito kung saan maaari kang bumoto. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan kwalipikado kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.

- Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet para sa mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala rito sa Pamplet para sa mga Botante.
- Ang Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections. Pagkalipas ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults.
- Kung inihatid ang balota sa iyong address para sa isang taong hindi na dapat nakatatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang “RETURN” (PAGBALIK) sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kard ng rehistrasyon ng botante na matatagpuan sa likod ng naka-print na pamplet. Makukuha ang mga kard ng rehistrasyon sa aming tanggapan, mga post office, mga munisipyo, at sa Kagawaran ng Mga De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles DMV).

# Impormasyon sa Pagboto

## Pagrehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026, dapat na namarkahan ng koreo ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante bago mag-Martes, Abril 28, 2026.

---

## Sistema ng Saradong Pangunahing Halalaan

Sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026, pinili ng mga partidong Demokratiko (Democratic party) at Republican (Republican party) na isara ang kanilang mga pangunahing halalan sa mga botanteng hindi kasapi sa kanilang mga partido. Ang mga botanteng rehistrado lamang sa mga partidong Demokratiko (Democratic party) o Republican (Republican party) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido. Ang lahat ng iba pang botante ay makatatanggap ng isang balotang walang kinikillingang partido.

**Upang baguhin ang iyong kaalyadong partido, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante bago mag-Martes, Abril 28, 2026.**

---

**Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:**

1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng Araw ng Halalan.

---

**Kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:**

1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o address para sa koreo.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

**Mahalagang Tandaan**: Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 o mag-email sa elections@deschutescounty.gov para sa higit pang impormasyon.

---

**Pagtatatuwa:**

**Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato, isang partidong pampolitika, isang kapulungan ng mga manghahalal, o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa napapatunayan para sa katumpakan ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office).**

---

## Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:
- Nakaimprentang opisyal na balota
- Sobre para sa pagbalik ng balota na may marka ng pagbayad sa koreo, na kailangang lagdaan

---

**Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:**

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang pupunang bilog para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, dapat mong ganap na punan ang bilog (⬬) sa tabi ng iyong mga napili gamit ang bolpen (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

---

**Suriin ang iyong balota:**

Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Ang iyong opisyal na balota ay maaring maglaman ng mga labanan/panukalang-batas na nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.

---

**Maghandang ibalik ang iyong balota:**

Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo. Titiyakin ng tauhan ng halalan ang paglihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.

---

**Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:**

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file at kailangang tumugma ang

lagda para mabilang ang balota.

---

**Ibalik ang iyong balota:**

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala sa koreo ang iyong balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 19, 2026. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 26, 2026 ay tatanggapin. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

---

**Mga botanteng may kapansanan:**

Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang tauhan para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kaalyado ng iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May maida-download na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante sa pahina para sa kasalukuyang halalan sa ating website.


---

**Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga labanan/panukalang-batas sa magkabilang pahina.**

---

**Makipag-ugnayan sa:**

Halalang Pang-county ng Deschutes
(Deschutes County Elections)
(541) 388-6547
Deschutescounty.gov/elections
elections@deschutescounty.gov
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)
www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900




# Paano Isumite ang Iyong Boto

## 1. Kumpletuhin ang iyong balota


- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto sa isang taong wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linya para sa "write-in" (pagsasama ng pangalan), pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.





## 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinahihintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.





- Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng pamalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota




- Ipasok lamang ang <u>iyong</u> binotohang balota (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng <u>iyong</u> sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Kailangan mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota




- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng bayad sa koreo. Ipadala sa koreo ang iyong balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 19, 2026. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 26, 2026 ay tatanggapin. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

# Mga Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota

**Ihulog** ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang lokasyon ng opisyal na lugar ng drop box bago mag-**8 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026**.
Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.

## Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Drop Box:

**Magbubukas:** Biyernes, Mayo 1, 2026
**Magsasara:** Araw ng Halalan, Martes, Mayo 19, 2026 ng **8 p.m.**

## Mga Lokasyon para sa Lugar ng Drop Box:

### Bend

**Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)**
1300 NW Wall St, Bend
*(Walk-up at Drive-through na mga Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali; karagdagang walk-up na Drop Box na matatagpuan sa lobby ng Opisina ng Kawani*)

**Kagawaran ng Lansangang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Road Department)**
61150 SE 27th St, Bend
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)*

**Old Mill**
459 SW Bluff Dr, Bend
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa maliit na burol sa itaas ng Distrito ng Old Mill (Old Mill District) sa parking lot sa timog ng otel ng Hilton Garden Inn (Hilton Garden Inn hotel)*

**Bradbury Park & Ride**
1000 SW Bradbury Way, Bend
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson Ave at Columbia St)*

**Liwasang-bayan ng Pine (Pine Nursery Park)**
3750 NE Purcell Blvd, Bend
Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa dulong silangan ng parking lot)*

**Kampus ng mga Pagawaing-Bayan ng Bend (Bend Public Works Campus)**
21051 NE Talus Place, Bend OR 97701
*(Walk-up at Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa rotonda sa harap ng gusali ng Punong-tanggapan (Headquarters building))*

## Redmond

**Sentro ng Eksibisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Expo Center) (Mga Panlabas na Lugar ng Eksibisyon)**
3800 SW Airport Way, Redmond
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa rotonda sa dulong silangan ng parking lot)*

**Pampublikong Aklatan ng Redmond (Redmond Public Library)**
827 SW Deschutes Ave, Redmond
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa dulong kanluran ng parking lot ng Aklatan)*

## La Pine

**Pampublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)**
16425 1st St, La Pine
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa 1st St at Huntington Rd)*

## Sisters

**Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)**
520 E Cascade Ave, Sisters
*(Walk-up na Drop Box na matatagpuan sa harap ng Munisipyo)*

## Sunriver

**Pampublikong Aklatan ng Sunriver (Sunriver Public Library)**
56855 Venture Ln, Sunriver
*(Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa Sentro ng Negosyo ng Sunriver (Sunriver Business Park))*

**– O –**

## Sa pamamagitan ng Koreo

Ipadala sa koreo ang iyong binotohang balota gamit ang sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo bago mag-**8 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Mayo 26 ay tatanggapin.


**Opisina ng Kawani ng County**, **1300 NW Wall St, Suite 202 (ika-2 Palapag), Bend**
**Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. | Araw ng Halalan, 7 a.m. hanggang 8 p.m.**
**– Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto –**

# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar para sa Pagsumite ng Balota


***Hanapin ang mga karatula at banner na magdidirekta sa iyo sa lugar ng drop box na ito.***

**Kampus ng mga Pagawaing-Bayan ng Bend (Bend Public Works Campus)**
**21051 NE Talus Place, Bend**
Walk-up at Drive-through na Drop Box na matatagpuan sa rotonda sa harap ng gusali ng Punong-tanggapan (Headquarters building).

**Pangkalahatang Mapa**




**Detalyadong Mapa**




## Mga Paalala

### Ang Iyong Pakete ng Balota

Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng hindi bababa sa mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang opisyal na balota
- Sobre para sa pagbalik ng balota na may marka ng pagbayad sa koreo, na kailangang lagdaan

### Paglagda ng Iyong Sobre para sa Pagbalik ng Balota

Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.

Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

**Pagbabalik ng Iyong Balota**

- Sa pamamagitan ng koreo: Ibalik ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala sa koreo ang iyong balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 19, 2026. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 26, 2026 ay tatanggapin. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.
- Saanmang opisyal na lugar ng drop box: Ihatid ang iyong binotohang balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

# Mga Pangunahing Halalan sa Oregon

Paano Isinasagawa ang Mga Ito at Ano ang Kahulugan Nito para sa mga Botante

## Ano ang Pangunahing Halalan?

Ang mga pangunahing halalan ay mga halalang makapartido na ginagamit ng mga *malalaking* partidong pampolitika para magnomina ng mga kandidato na tumakbo para sa katungkulang makapartido sa pangkalahatang halalan. Ang mga *minoryang* partidong pampolitika ay nagnonomina ng mga kandidato upang tumakbo para sa katungkulang makapartido sa pangkalahatang halalan ayon sa tuntunin ng partido, at ang mga kandidatong iyon ay hindi makikita sa balota ng pangunahing halalan. Ang mga nanalong kandidato sa isang pangkalahatang halalan ay inihahalal sa katungkulan. Kabilang sa mga katungkulang makapartido ang Pangulo ng U.S., Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-yaman ng Estado, Abugadong Panlahat, Senador ng Estado (Secretary of State), at Kinatawan ng Estado.

Sa pangkalahatang halalan, ang mga botante ay makatatanggap ng balota na naglalaman ng parehong katungkulang makapartido at walang kinikilingan at maaaring bumoto para sa sinumang kandidato ng anumang partido. Karamihan sa mga panukalang-batas sa balota sa buong estado ay nasa balota ng pangkalahatang halalan.

## Paano Isinasagawa ang Mga Pangunahing Halalan sa Oregon?

### Sarado laban sa Bukas na Mga Pangunahing Halalaan

Kailangan sa isang *saradong* pangunahing halalan na rehistrado ang isang botante sa isang partidong pampolitika upang makaboto para sa (mga) kandidato ng partidong iyon; ang halalan para sa (mga) kandidatong makapartido ay sarado sa mga botanteng walang kaalyado pati rin sa mga botanteng kasapi sa partidong minorya. Hindi kailangan sa isang *bukas* na pangunahing halalan na maging kasapi ang mga botante sa isang partidong pampolitika para iboto ang mga kandidatong makapartido.

### Mga Pangunahing Halalan sa Oregon

Ang pangunahing halalan ng Oregon ay sarado, ibig sabihin ang mga rehistradong botante lamang ng isang malaking partidong pampolitika ang maaaring bumoto sa mga kandidatong pareho ang partido. Sa pangunahing halalan, ang mga botanteng hindi rehistrado sa isa sa mga malalaking partidong pampolitika ay makatatanggap ng isang balota na naglalaman ng mga labanang walang kinikilingang partido, tulad ng mga

hukom, na maaaring pagbotohan ng lahat ng rehistradong botante. Ang mga malalaking partidong pampolitika (ang mga partidong Demokratiko (Democratic party) at Republican (Republican party)) ay may opsyon na buksan ang kanilang mga pangunahing halalan upang payagan ang mga botanteng walang kaalyado na bumoto sa pangunahing halalan ng partido. Kung pipiliin ng mga partido na hindi buksan ang kanilang mga pangunahing halalan, ang mga botante lamang na rehistrado sa mga partidong Demokratiko (Democratic party) o Republican (Republican party) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido.

**Mga Pangunahing Halalan sa Deschutes County**

Ang lahat ng katungkulang pang-county sa Deschutes County ay walang kinikilingan. Nangangahulugan ito na ang lahat ng botante ay makatatanggap ng balota na naglalaman ng magkakaparehong mga katungkulang pang-county.

**Sistema ng Saradong Pangunahing Halalaan**

Sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026, pinili ng mga partidong Demokratiko (Democratic party) at Republican (Republican party) na isara ang kanilang mga pangunahing halalan sa mga botanteng hindi kasapi sa kanilang mga partido. Ang mga botanteng rehistrado lamang sa mga partidong Demokratiko (Democratic party) o Republican (Republican party) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido. Ang lahat ng iba pang botante ay makatatanggap ng isang balotang walang kinikillingang partido. Upang baguhin ang iyong kaalyadong partido, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante bago mag-Martes, Abril 28, 2026.

# Ang Proseso ng Halalan sa Deschutes County




## Ika-1 Hakbang. Rehistrasyon ng Botante

Upang mag-rehistro para makaboto, kinakailangan mong magbigay ng balidong ID na nagpapatunay na kwalipikado kang bumoto. Pagkatapos suriin at patunayan ang iyong impormasyon, ipapasok namin ito sa aming database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012



## Ika-2 Hakbang. Pagsubok ng mga Kagamitan sa Halalan


Gumagamit kami ng kagamitan sa halalan na sertipikado ayon sa mga pamantayan ng Estado at Pederal. Sinusubok namin ang aming mga kagamitan sa halalan bago, sa panahon, at pagkatapos ng bawat halalan.
ORS 254.235




## Ika-3 Hakbang. Ang mga Balota ay Ipinapadala sa Koreo


Ang lahat ng rehistradong botante ay papadalhan ng pakete ng balota sa koreo na naglalaman ng kanilang balota at sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo na mayroong nakalimbag na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong pagkapribado at pagiging lihim ng iyong boto. Binibigyan namin ang mga rehistradong Uniformed and Overseas Civilian na mga botante ng akses sa kanilang mga balota sa

pamamagitan ng koreo o online portal.
ORS 253.065, 253.545, 254.470




## Ika-4 na Hakbang. Pagkolekta ng Balota

Sa Deschutes County, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa pamamagitan ng koreo o sa isa sa aming sampung Opisyal na mga lokasyon para sa Pagsumite ng Balota, na madaling matatagpuan sa buong county. Kinokolekta ang mga balotang nasa Lugar ng Drop Box, at ang mga balotang ipinadala sa koreo ay tinatanggap sa aming Opisina ng Kawani na matatagpuan sa Gusaling Pangserbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Building) para sa tabulasyon ng balota.
ORS 254.470




## Ika-5 Hakbang. Beripikahin ang Pagiging Kwalipikado ng Botante

Pagkatanggap ng iyong balota, ipinapadala ito sa pamamagitan ng aming sorting machine para sa sobre ng balota, na nagsa-scan ng larawan ng iyong lagda habang pinagbubukod-bukod ang inyong mga balota ayon sa presinto ng pagboto. Beberipikahin ng mga sinanay na tauhan ng halalan ang iyong lagda sa sobre sa pamamagitan ng paghahambing nito sa iyong lagda sa file sa database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012, 247.019, 247.025, at 254.470





### Ika-6 na Hakbang. Pagproseso ng mga Balota

Kung parehas ang iyong mga lagda, bubuksan ang iyong sobre ng balota. Kung hindi sila magkatugma, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang malutas ang isyu para mabilang namin ang iyong balota. Kung nasira ang balota o naglalaman ng mga markang hindi nababasa ng makina, ibubukod namin ito para sa manwal na pagsusuri. Ang layunin namin ay bilangin ang lahat ng kwalipikadong balota tulad ng nilalayon ng mga botante.
ORS 254.478




### Ika-7 Hakbang. Pag-scan ng Balota at Tabulasyon


Pagkatapos tanggalin ang mga balota mula sa mga sobre nito, ini-iscan namin ang mga balota at binibilang ang lahat ng balidong boto para matukoy ang mga resulta ng bawat labanan sa halalan. Ang aming sistema sa pagboto na sertipikado ng pederal at estado ay ligtas at hindi kailanman konektado sa internet.
ORS 254.485, 254.500



### Ika-8 Hakbang. Paghatol sa Balota


Sinusuri ng mga pangkat na binubuo ng dalawang tauhan mula sa magkaibang partidong pampolitika, kung ang mga balota ay sira, may hindi dapat na mga marka, o may mga pagwawasto, kulang na pagboto, sobrang pagboto, at mga blangkong

labanan upang patunayan ang nilalayon ng botante at tiyakin ang tamang tabulasyon. Itinatago ang lahat ng balota sa isang ligtas na lokasyon na binabantayan 24/7 (sa lahat ng oras).
ORS 254.476, 254.482, 254.483




## Ika-9 na Hakbang. Hindi Opisyal na mga Resulta ng Halalan

Nagsisimula kaming maglathala ng mga hindi opisyal na resulta pagkalipas ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi opisyal ang mga resulta hanggang sa lumipas na ang lahat ng deadline sa pagbalik ng balota at pagkatapos naming mabilang ang bawat isang balidong balota na natanggap namin.
ORS 254.545
**Hanapin ang mga hindi opisyal na resulta sa** deschutescounty.gov/electionresults



## Ika-10 Hakbang. Pagsertipika ng Opisyal na mga Resulta


Pagkatapos suriin at beripikahin ng Board of Canvassers ang kinalabasan ng halalan, sinesertipika ng county ang mga opisyal na resulta ng halalan.
ORS 254.545(3)

**Inilalathala ang mga sertipikadong resulta ng halalan 27 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan sa** deschutescounty.gov/electionresults



## Ika-11 Hakbang. Pag-audit

Ang mga pag-audit ay normal na pamamaraang bahagi ng bawat halalan para mabawasan ang pagkakamali at panlilinlang. Ginagamit namin ang mga pag-audit para kumpirmahin na tumpak na binasa at binilang ng mga kagamitan ng halalan ang mga balota ng botante, at sinasalamin ng kinalabasan ng halalan ang pagboto ng mga botante, at sinunod ng mga tauhan ng halalan ang mga patakaran.
ORS 254.529



## Ika-12 Hakbang. Pagtatago ng Balota

Ligtas naming itinatago nang dalawang taon ang lahat ng balotang papel, at iba pang mga rekord bilang bahagi ng opisyal na talaan. Pagkalipas ng dalawang taon, sinisira ang mga balota.
OAR 166-150-0035(14)(a)

# Website para sa Mga Halalan ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk’s Office Elections)

www.deschutescounty.gov/elections

Ang Website para sa Mga Halalan ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk’s Office Elections) ay ang iyong pangunahing mapagkukunan para sa opisyal, tama, at napapanahon na impormasyon sa halalan. Ang website natin ngayon ay mayroong **.gov** na domain, na nangangahulugang mapagkakatiwalaan mo na ang ating website at mga nilalaman nito ay tunay, ligtas, at makatotohanan. Naglalaman ang ating site ng:

- Impormasyon ukol sa kandidato at panukalang-batas
- Kasalukuyan at nakaraang mga Pamplet para sa mga Botante
- Mga pangunahing petsa at huling araw ng gawaing panghalalan
- Mga Lokasyon ng Drop Box ng Balota
- Mga resulta ng halalan
- Mga istatistika ng botante at mapa


DESCHUTES COUNTY
Alerts | Jobs | Contact Us
About Us
How Do I
Departments
Search
Clerk's Office Home
Current & Upcoming Elections
Elections and Voting
May 19, 2026 Primary Election
May 20, 2025 Special District Election
Ballot Drop Box Locations
Elections Dates & Deadlines
Voter Statistics & Maps
Voter Information Request
Voter Resources and FAQ
Election Results
Election Archives
Marriage Licenses
Passport Services
Property Value Appeals Board
Recording
Other Services
2024 "I Voted" Sticker Contest
About the County Clerk
Elections and Voting
• Subaybayan ang mga petsa at huling araw ng gawaing panghalalan
• Tingnan kung anong mga katungkulan ang paglalabanan sa halalan
• Impormasyon hinggil sa mga kandidato at panukalang-batas
• Mag-rehistro para makaboto at i-update ang iyong rehistrasyon
• Mga sagot sa mga FAQ
• Alamin kung paano pinoproseso ang iyong balota
Maghanap ng kasalukuyan at nakaraang mga resulta ng halalan at mga pamplet para sa mga botante

# Madaling Ma-akses na Pagboto sa Deschutes County

Upang matiyak na ang bawat mamamayan ay makakaboto nang pribado, ligtas at independiyente, naglalaan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) ng maraming naa-akses na opsyon sa mga botante para magsumite ng kanilang balota. Ang impormasyon tungkol sa halalang ito ay makukuha nang nakaimprenta, sa elektronikong paraan na naka-PDF, at bilang audio file sa www.deschutes.org/clerk/page/may-19-2026-primary-election.

## Pagboto sa pamamagitan ng Koreo

Ang bawat botante ay padadalhan ng balota sa pamamagitan ng koreo simula 20 araw bago ang Araw ng Halalan. Kailangang lagdaan ng bawat botante ang sobreng ibabalik upang ito ay maihambing sa lagda ng botante na nasa file, alinsunod sa batas ng estado. Ang mga botanteng hindi kayang lagdaan ang sobreng ibabalik ay maaaring mag-update ng kanilang lagda sa rehistrasyon ng botante para gawing isang "marka," isang "X" o panatak ng lagda sa pamamagitan ng pagpasa sa aming opisina ng form na SEL 540 Signature Stamp Attestation (Pagpapatotoo ng Panatak ng Lagda) at bagong SEL 500 Kard ng Rehistrasyon ng Botante.

## Online na Tool para sa Pagmamarka ng Balota sa Oregon

Para sa mga botanteng hindi makaboto sa pamamagitan ng koreo:
Ang lahat ng botante ay maaaring makakuha at makapagmarka ng balota sa format na nababasa ng screen mula sa anumang computer. Kailangang i-print at ibalik ang mga balota sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) gamit ang ibinigay na sobre para sa pagbalik ng balota. Gamitin ang serbisyong ito anumang oras, araw man o gabi, hanggang Araw ng Halalan ng 8 p.m. Upang makahanap ng link sa inyong balota, puntahan ang oregonvotes.gov/myvote at ilagay ang inyong impormasyon.

## Magagamit na Aparato sa Pagmamarka ng Balota

Mayroong magagamit na aparato sa pagmamarka ng balota kung hihilingin sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) para sa mga botanteng may kapansanan. Kasama sa sistema ang teknolohiya sa pagbabasa ng audio na balota, mga malalaking button na may natatanging hugis at mga paglalarawan sa Braille, mababang sukat para naaabot ng mga naka-wheelchair, at paggamit ng mga aparatong pang-interface na naaayon sa pangangailangan (adaptive interface device) gaya ng sip-and-puff

at mga tactile input switch para makontrol ang input, na nagbibigay-daan sa mga botanteng may kapansanan sa pandinig, paningin o pangangatawan para madaling makaboto. Maaaring pahintulutan ng mga botante ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o ibang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kaalyado ng kanilang tagapag-empleyo o unyon, na tulungan sila.

## Pangkat ng Tanggapan para sa Halalan na Tumutulong sa Pagboto

Para sa mga botanteng hindi makagamit ng alinman sa mga serbisyong nabanggit, maaaring mayroong mga alternatibong opsyon sa pagboto para sa inyo. Makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa 541-388-6547 o pag-email sa elections@deschutescounty.gov.

# Pag-unawa sa Iba't Ibang Uri ng Panukalang-Batas

Ang panukalang-batas sa balota ay isang iminungkahing pagpapataw ng buwis, bond, o batas na inihaharap sa mga botante para sa pag-apruba o pagtanggi. Ang mga panukalang-batas ay maaaring mag-amyenda sa isang umiiral na batas o magpatupad ng bago, at maaaring ilagay sa balota ng isang mamamayan, isang grupo ng mga mamamayan, o ayon sa isang hurisdiksyon. Ang kinakailangang bilang ng mga boto (simpleng mayorya at dobleng mayorya) ay itinatakda batay sa petsa ng halalan para sa nasabing panukalang-batas. Ipapaliwanag sa teksto ng panukalang-batas sa balota kung kailan magkakabisa ang isang panukalang-batas kung ito ay maipapasa.

## Mga Buwis

**Ang ipinapataw na buwis** ay isang iniaatas na paniningil ng (mga) lokal o pang-estadong buwis para sa mga layuning pang-operasyon o mga malalaking, pangmatagalang proyekto, sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante. Sa pag-apruba ng botante, maaaring maghangad ang isang distrito ng pagbubuwis na magpatupad ng buwis na may permanenteng limitasyon sa rate o humingi ng "lokal na opsyon na singil sa buwis" na may rate kada $1,000 ng tinasang halaga o halaga ng buwis sa ari-arian sa dolyar. Ang ipinapataw na buwis ay maaaring isang bagong buwis, irerenew na mga umiiral na buwis, o pagtaas sa isang buwis sa pamamagitan ng isang lokal na opsyon na singil sa buwis. Kung magkaroon ng pagpapataw ng buwis sa halalan sa Marso o Agosto, maaari lamang itong maaprubahan kung hindi bababa sa 50% ng mga rehistradong botanteng kwalipikadong bumoto sa halalan ang magsusumite ng balota at kung ang nakararaming botante ay boboto nang pabor sa nasabing panukalang-batas.

**Ang mga bond** ay mga obligasyon sa utang na inisyu ayon sa mga hurisdiksyon upang pondohan ang mga malalaking proyekto sa pagpapahusay sa imprastruktura. Katulad ng isang hinuhulugang bahay, ginagamit ang mga ito para pondohan ang mga malalaking gastusin sa paglipas ng panahon. Ang mga bond ay karaniwang binabayaran sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian. Ang epekto sa pananalapi ng isang halalan ukol sa bond ay mag-iiba sa bawat residente batay sa mga halaga ng ari-arian at sa bilang ng mga bond na inisyu.

## Mga Batas

**Ang inisyatibong nakapaloob sa balota** ay isang iminungkahing batas na binuo ng *mga mamamayan* at inilagay sa balota upang aprubahan o tanggihan ng mga botante. Ang mga inisyatibong nakapaloob sa balota ay karaniwang isinusulat ng isang grupo ng mga residente na masigasig sa isang partikular na isyu.

**Ang referral sa balota** ay isang panukalang-batas na iminumungkahing batas na inilagay sa balota *ayon sa isang hurisdiksyon*.

**Ang referendum sa balota** ay isang iminungkahing *pag-amyenda sa isang batas na kamakailan lamang naipasa* (sa loob ng 90 araw) at maaaring ilagay sa balota ng isang mamamayan o grupo ng mga mamamayan o ayon sa isang hurisdiksyon.

# Mahalaga ang Iyong Lagda

Mahalaga ang iyong lagda! Ang pagpapatunay ng lagda ay isang mahalagang hakbang para pangalagaan ang iyong boto, protektahan laban sa pandaraya, at tiyakin ang integridad ng ating proseso ng halalan.

Ang bawat lagda sa sobre para sa pagbalik ng balota ay bineberipika ng mga sinanay na tauhan ng halalan at inihahambing sa lagda na nasa file ng rehistrasyon ng botante. Karamihan sa mga lagda ay nagmumula sa alinman sa Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles DMV) o mga de-papel na kard ng rehistrasyon ng botante.

Kung magkatugma ang iyong mga lagda, ang iyong sobre ng balota ay tatanggapin at patuloy na bubuksan.

Kung hindi magkatugma ang iyong mga lagda, ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota ay mamarkahang “challenged” (may isyu) at makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang maayos ang isyu nang sa gayon ay mabilang namin ang iyong balota. Ang mga botanteng may isyu ang mga lagda ay may hanggang 21 araw matapos ang Araw ng Halalan para tumugon sa aming liham at ayusin ang kanilang lagda sa balota.

# Panukalang-Batas 9-184
# Pamatay-sunog na Distrito ng Alfalfa (Alfalfa Fire District)

Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa Pagtatalaga ng mga Tauhan sa Pamatay-sunog ng Distrito

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ang Pamatay-sunog na Distrito ng Alfalfa (Alfalfa Fire District) ng $1.75 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula sa FY 2026 para sa pagtatalaga ng mga tauhan. Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Ang panukalang-batas na ito ay nagbibigay-pahintulot sa Pamatay-sunog na Distrito ng Alfalfa (Alfalfa Fire District) na magpataw ng lokal na opsyon na buwis sa ari-arian na $1.75 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula sa taon ng pananalapi 2026.

Ang kikitain mula sa ipapataw na buwis ay gagamitin lamang para pondohan ang dalawang full-time na posisyon para sa Bumbero/EMT. Mapapahusay ng mga posisyon ang kapasidad sa pagtugon sa mga medikal na emerhensiya at sunog sa loob ng Distrito sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga nakatalagang tauhan, pagpapabilis sa oras ng pagtugon, at pagsuporta sa 24-oras na serbisyong pang-emerhensiya para sa mga residente, bisita, at negosyo.

Maaaring gamitin ang mga pondo para sa mga sahod, benepisyo, pagsasanay, at iba pang mga gastos na may kaugnayan sa mga tauhan na kailangan para makakuha at mapanatili ang mga kwalipikadong Bumbero/EMTs.

Ang ipapataw na buwis ay tinatayang makalilikom ng humigit-kumulang $180,000 taun-taon batay sa mga kasalukuyang tinasang halaga. Maaaring mag-iba ang aktwal na kikitain dahil sa mga pagbabago sa mga tinasang halaga ng ari-arian. Sa loob ng limang taon, ang ipapataw na buwis ay tinatayang makalilikom ng humigit-kumulang $955,644.

Para sa isang bahay na tinasang nagkakahalaga ng $200,000, ang tinatayang gastos ay $350 kada taon, o humigit-kumulang $29.17 kada buwan.

Ang panukalang-batas na ito ay hindi hihigit sa mga limitasyon ng buwis sa ari-arian na itinakda ng konstitusyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang panukalang-batas na ito ay magbibigay-pahintulot sa Pamatay-sunog na Distrito ng

Alfalfa (Alfalfa Fire District) na magpataw ng lokal na opsyon na singil sa buwis sa ari-arian sa rate na $1.75 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula 2026-2027 na taon ng pagbubuwis.

Ang mga lokal na opsyon na singil sa buwis ay mga pansamantalang buwis sa ari-arian na dapat aprubahan ng mga botante at ginagamit ng mga lokal na pamahalaan at mga espesyal na distrito upang pondohan ang mga espesipikong serbisyo o pangangailangan sa operasyon. Kung maaaprubahan, ang ipapataw na buwis na ito ay magbibigay ng pondong nakalaan para sa pagtatalaga ng mga tauhan at pagpapanatili ng mga serbisyo para sa proteksyon laban sa sunog at pagtugon sa emerhensiya sa loob ng Pamatay-sunog na Distrito ng Alfalfa (Alfalfa Fire District).

Kasalukuyang nagbibigay ang Distrito ng mga serbisyo para sa proteksyon laban sa sunog at pang-emerhensiya sa isang pook rural sa Deschutes County. Sa kasalukuyan, may dalawang binabayarang posisyon ang Distrito, kung saan ang isa ay tinutustusan mula sa pinagmulang pondo na nakatakdang magwakas sa Hunyo 30, 2026. Umaasa ang Distrito sa kombinasyon ng mga binabayarang kawani at boluntaryo para tugunan ang mga tawag kaugnay ng sunog, medikal, at iba pang mga emerhensiya.

Ang kikitain mula sa iminumungkahing pagpapataw ng buwis ay gagamitin para pondohan ang pagtatalaga ng mga tauhang bumbero at kawani sa mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, pati na mga kaugnay na gastos sa operasyon. Maaaring kabilang dito ang pagkuha ng karagdagang full-time na bumbero/mga emergency medical technician (EMTs), pagpapanatili ng mga kasalukuyang kawani, at pagsuporta sa kapasidad ng mga boluntaryo sa pagtugon. Ang mga pondo ay maaari ding gamitin para sa mga sahod, benepisyo ng empleyado, pagsasanay, sertipikasyon, at kinakailangang kagamitan upang suportahan ang mga operasyon sa pagtugon sa emerhensiya.

Ipinahiwatig ng Distrito na ang karagdagang pagtatalaga ng mga tauhan ay naglalayong tumulong para panatilihin at posibleng mapabuti ang mga oras ng pagtugon, matiyak ang sapat na pagsaklaw, at mapanatili ang mga serbisyong pang-emerhensiya habang nagbabago ang pangangailangan sa paglipas ng panahon.

Ang mga tinatayang kita na malilikom ng ipapataw na buwis ay humigit-kumulang:

- $180,000 sa 2026-2027
- $185,400 sa 2027-2028
- $190,962 sa 2028-2029
- $196,691 sa 2029-2030
- $202,592 sa 2030-2031

Ang mga pagtatantyang ito ay tinatayang may average na rate ng taunang paglago na humigit-kumulang 3% at nakabatay sa impormasyong makukuha mula sa Tagatasa ng Deschutes County. Maaaring mag-iba ang mga aktwal na kikitain.

Ang iminumungkahing rate ng buwis ay $1.75 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian kada taon. Halimbawa, ang isang ari-arian na may tinasang halaga na $250,000 ay magbabayad ng humigit-kumulang $437.50 taun-taon. Ang tinasang halaga ay itinakda ng county at maaaring iba sa halaga sa merkado.

Kung maaaprubahan, ang ipapataw na buwis ay magwawakas pagkalipas ng limang taon maliban kung ire-renew ng mga botante. Kung hindi maaaprubahan, magpapatuloy ang Distrito sa pagpapatakbo gamit ang mga kasalukuyang pinagmumulan ng pondo nito, na maaaring kasama ang mga pagbawas o pagbabago sa pagtatalaga ng mga tauhan at mga antas ng serbisyo depende sa mga available na mapagkukunan.

Ang panukalang-batas na ito ay hindi nagbibigay-pahintulot sa permanenteng pagtaas ng rate ng buwis at hiwalay ito sa permanenteng limitasyon sa rate ng buwis ng Distrito.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Chad LaVallee, Pinunong Bumbero, Pamatay-sunog na Distrito ng Alfalfa* (*Alfalfa Fire District))*

# Panukalang-Batas 9-183
# Panlalawigang Distrito ng Proteksyon laban sa Sunog ng Cloverdale (Cloverdale Rural Fire Protection District)

Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa pagtatalaga ng mga tauhan at operasyon

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ng buwis ang distrito na $1.23/$1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2026/2027 upang pondohan ang pagtatalaga ng mga tauhan at operasyon? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Ang Pagpapataw ng Buwis na ito ay magbibigay-pahintulot sa Panlalawigang Distrito ng Proteksyon laban sa Sunog ng Cloverdale (Cloverdale Rural Fire Protection District) na magpataw ng $1.23/$1000 ng tinasang halaga na singil sa buwis para sa operasyon upang pondohan ang gawaing pamatay-sunog at mga serbisyong pang-emerhensiya. Ang distrito ay nakapagtala ng 43% na pagtaas sa mga pagtugon sa emerhensiya simula 2022. Ipinakikita ng mga kamakailang malawakang sunog sa kagubatan o damuhan na kailangan ang karagdagang mga tauhan.

Ito ay isang Limang-taong nakapirming rate na $1.23/$1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Papalitan nito ang kasalukuyang ipinapataw na buwis na $0.69/$1000. Isang pagtaas na $0.54/$1000

Popondohan ng ipapataw na buwis ang:

- Espesyalista sa Pagbabawas ng Panganib ng Malawakang Sunog sa Kagubatan o Damuhan sa Komunidad: Ang posisyong ito ay nakatuon sa pagbuo ng mga programang hihikayat sa mga may-ari ng bahay na bawasan ang kanilang panganib sa malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, pagsasagawa ng mga proyektong  sinusuportahan ng pondong kaloob at nakapagpapabawas ng mga bagay na madaling masunog at lumalampas sa mga hangganan, paglikha ng plano para sa katatagan laban sa malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, at pagkuha ng mga oportunidad sa pagpopondo upang suportahan ang mga pagsisikap ng mga residente.
- Tatlong Kapitan sa magkakahiwalay na shift
- Tatlong mag-aaral na bumbero

- Mapunan ang mga gastos sa operasyon na may kaugnayan sa mga gawaing pagtugon sa emerhensiya, mga kagamitan, at mga gastusin sa tauhan.

Ang mga karagdagang posisyon ay nagpapalakas sa mga kakayahang tumugon sa maghapon kapag limitado ang bilang ng mga boluntaryo at mag-aaral na kawani, na nagbibigay ng dagdag na tauhan para sa mga emerhensiya.

Ang Ipapataw na buwis na ito ay inaasahang makalilikom ng $3,689,497 sa loob ng limang taon:

Kabuuang tinatayang kita sa bawat taon ng pagpapataw ng buwis:

$692,440 sa 2026/2027
$720,130 sa 2027/2028
$748,943 sa 2028/2029
$778,901 sa 2029/2030
$810,057 sa 2030/2031

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Panlalawigang Distrito ng Proteksyon laban sa Sunog ng Cloverdale (Cloverdale Rural Fire Protection District) ay nagpapatakbo ng 2 himpilan ng bumbero at nagbibigay ng mga serbisyong pamatay-sunog, medikal na pang-emerhensiya, pagsagip, pagbabawas ng panganib ng mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan at panganib sa komunidad sa isang rural na lugar ng serbisyo na may lawak na 50 milya kuwadrado. Ang distrito ay may mga tauhan na binubuo ng 1 Pinunong Bumbero, 1 Kapitan sa Pagsasanay, at 3 mag-aaral na bumbero na binabayaran mula sa pangkalahatang pondo. Ang 2 full-time na Kapitan ng mga Bumbero, 3 residenteng mag-aaral na boluntaryo ay binabayaran ng "Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis" na magwawakas sa 2027. Sinusuportahan din kami ng 15 boluntaryo. Ang distrito ay nakapagtala ng 43% na pagtaas sa dami ng tawag simula nang umpisahan namin ang 24-oras na pagtatalaga ng tauhan noong 2022 gamit ang Ipinapataw na Buwis. Ipinakikita ng mga kamakailang malawakang sunog sa kagubatan o damuhan na kailangan ang mas maraming tauhan at mga kakayahan sa pagtugon.

Sa pag-apruba ng bagong Ipapataw na Buwis, ang kasalukuyang Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis (2022-2027) na $0.69 kada $1000 ng nabubuwisang tinasang halaga ay magwawakas sa 2026 at papalitan ng bagong Ipapataw na Buwis sa Rate na $1.23 kada $1000 ng NABUBUWISANG TINASANG HALAGA simula 2026.

Ang kabuuang pagtaas sa bagong ipapataw na buwis ay $0.54 kumpara sa kasalukuyang ipinapataw na buwis. Ginagamit ng distrito ang ipinapataw na buwis na ito upang mabigyan ang komunidad ng 24-oras na agarang pagtugon ng mga tauhan. Ang bagong lokal na opsyon na singil sa buwis ay magiging $1.23 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng limang taon simula 2026.

Ang mga pondo mula sa ipinapataw na buwis na ito ay magbibigay-daan sa amin na makakuha ng isang Espesyalista sa Pagbabawas ng Panganib ng Malawakang Sunog sa Kagubatan o Damuhan. Ang posisyong ito ay direktang makikipagtulungan sa mga residente upang mabawasan ang mga panganib ng malawakang sunog sa kanilang mga ari-arian, umasiste sa paglikha ng mga komunidad na handa sa sunog, makakuha ng pondong kaloob para suportahan ang mga pagsisikap sa pagbabawas ng panganib at mapahusay ang pagtugon sa emerhensiya. Ang mga gawaing ito ay mahalaga sa pagpapabuti ng katatagan ng komunidad at pagbabawas ng banta ng mapaminsalang sunog sa kagubatan o damuhan. Popondohan din ng ipapataw na buwis ang pagkuha ng isang full-time na kapitan ng mga bumbero.

Ang dalawang posisyong ito ay magdaragdag ng mga tauhang tutugon sa mga emerhensiya at magpapataas sa bilang ng mga tauhan sa maghapon kapag nasa paaralan ang aming mga estudyante at limitado ang oras ng pagresponde ng mga Boluntaryong bumbero.

Mga Epekto ng panukalang-batas sa Balota:

Kung “yes” (oo) ang boto: Magbibigay-daan ito sa distrito para mapanatili ang 24-oras na pagtatalaga ng tauhan, mapabuti ang bilang ng mga tauhan sa maghapon at mga kakayahang tumugon sa mga emerhensiya, at matustusan ang mga gastusing pang-operasyon na may kaugnayan sa pagpapataas ng antas ng serbisyo sa pamatay-sunog at emerhensiya sa ating komunidad na madalas makaranas ng malawakang sunog sa kagubatan o damuhan.

Kung “no” (hindi) ang boto: Mawawalan ang distrito ng pondo na nagbibigay ng 24-oras na mga nakatalagang tauhan at mga kakayahan sa pagtugon kapag nagwakas na ang kasalukuyang ipinapataw na buwis sa Hunyo ng 2027. Pinopondohan ng kasalukuyang ipinapataw na buwis ang 2 Kapitan at 3 mag-aaral.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Thad Olsen, Pinunong Bumbero, Panlalawigang Distrito ng Proteksyon laban sa Sunog ng Cloverdale (Cloverdale Rural Fire Protection District))*

# Panukalang-Batas 9-182

# Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Sisters-Camp Sherman (Sisters-Camp Sherman Rural Fire Protection District)

Pagpapataw ng Buwis upang Pondohan ang Pagtatalaga ng Mga Tauhan para sa Pamatay-Sunog, EMS, at Kahandaan sa mga Malawakang Sunog sa Kagubatan o Damuhan

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ang Distrito ng buwis na $0.70 kada $1,000 ng tinasang halaga para sa mga layuning pang-operasyon sa loob ng limang taon simula 2026/2027? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Sisters-Camp Sherman (Sisters-Camp Sherman Rural Fire Protection District) ay nagbibigay ng proteksyon laban sa sunog, mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, pagsagip, at pagtugon sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan na may humigit-kumulang 800 milya kuwadrado, kasabay ng pagbibigay ng mutual na tulong sa mga karatig na pandistritong pamatay-sunog.

Tumaas ng 65% ang mga tawag pang-emerhensiya para sa serbisyo sa loob ng sampung taon. Ang mga tawag medikal ay kasalukuyang bumubuo sa 70% ng mga pagtugon, at ang mga magkakasabay na emerhensiya ay tumaas nang 35% sa nakalipas na walong taon. Ang mga pagsisikap para sa kaganapang may kaugnayan sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, pagbibigay-lunas, at kahandaan sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan ay nagpapakita rin ng pangangailangan para sa mga karagdagang mapagkukunan at pagtatalaga ng mga tauhan.

Popondohan ng ipapataw na buwis ang tatlong karagdagang bumbero/paramedic, isang coordinator para sa pagbabawas ng panganib ng mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, isang mekaniko para sa pagpapanatili ng mga sasakyan, at mga seasonal na tauhan para sa pagbabawas ng panganib ng mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan.

Kung maaaprubahan, ang panukalang-batas ay magbibigay-pahintulot sa Distrito na magpataw ng mga buwis sa rate na $0.70/$1,000 ng nabubuwisang tinasang halaga sa loob ng limang taon. Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay $5,807,284 (Taong Pananalapi 2026-27, $1,093,828; 2027-28, $1,126,643; 2028-29, $1,160,443; 2029-30, $1,195,256; at 2030-31, $1,231,114).

Tinatayang magiging $225 ang taunang gastusin para sa isang ari-ariang may nabubuwisang tinasang halaga na $317,000. Ang kikitain sa panukalang-batas na ito ay isang PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamahusay na impormasyong makukuha sa panahon ng pagtatantya.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Sisters-Camp Sherman (Sisters-Camp Sherman Rural Fire Protection District) ay nagbibigay ng proteksyon laban sa sunog, mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, mga serbisyo sa pagsagip, pagtugon sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan at mga serbisyo para sa pagbabawas ng panganib sa komunidad sa isang lugar ng serbisyong panlalawigan na may humigit-kumulang 800 milya kuwadrado.

Sa nakalipas na sampung taon, nakaranas ang Distrito ng mga malalaking pagtaas sa pangangailangan para sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Ang mga tawag pang-emerhensiya para sa serbisyo ay tumaas nang halos 65 porsyento sa panahong ito, samantalang hindi tumaas ang bilang ng mga nakatalagang tauhan para sa pagtugon sa emerhensiya sa loob ng mahigit labinlimang taon. Ang mga medikal na emerhensiya ay kasalukuyang bumubuo sa humigit-kumulang 70 porsyento ng lahat ng pagtugon sa emerhensiya. Ang mga insidenteng may kinalaman sa ambulansya ay kadalasang kailangang pag-ukulan ng mahabang oras – humigit-kumulang dalawang oras sa bawat tawag – dahil sa distansya ng paghatid papunta sa mga ospital na nasa labas ng Distrito.

Nakaranas din ang Distrito ng humigit-kumulang 35 porsyentong pagtaas sa mga magkakasabay o magkasunod na insidente ng emerhensiya sa nakalipas na walong taon. Ang mga magkakasabay na insidenteng ito ay nagpapataas ng panganib ng pagkaantala sa oras ng pagresponde at nagdudulot ng higit na pagdepende sa mutual na tulong mula sa mga kalapit na ahensya ng mga serbisyong pamatay-sunog at pang-emerhensiya.

Ang kaganapang may kaugnayan sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan sa Central Oregon at sa loob ng Distrito ay mas dumalas, tumindi, at naging masalimuot. Ang mga kondisyong ito ay nagdulot ng pagtaas ng pangangailangan para sa kahandaan sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, mga pagsisikap sa pagbabawas ng panganib para sa buong taon, at pagtugon sa emerhensiya upang protektahan ang buhay, ari-arian, at mahahalagang imprastraktura. Ang mga pagsisikap kaugnay ng pana-panahong pagtatalaga ng mga tauhan para sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan at pagbabawas ng panganib sa komunidad ay kasalukuyang sinusuportahan sa pamamagitan ng pondong kaloob. Nakatakdang magwakas sa 2026 ang kasalukuyang pondong kaloob para sa Espesyalista sa Pagbabawas ng Panganib sa Komunidad at Kaligtasan laban sa Sunog, at hindi garantisado ang mga taunang pondong kaloob para sa pagtatalaga ng mga tauhan para sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan.

Ang Distrito ay nagpapatakbo ng 22 sasakyan para sa pagtugon sa emerhensiya sa tatlong himpilan ng bumbero. Ang Distrito ay walang full-time na mekaniko at umaasa sa mga panlabas na vendor para sa maraming pagkukumpuni at mga gawain sa pagpapanatili ng sasakyan. Ito ay nagdulot ng mga hamon sa pagsasagawa ng maagap na pagmantene at nagresulta sa mas matagal na pagkakatengga ng mga sasakyan.

Nagpatupad ang Distrito ng mga pangmatagalang pagkontrol sa gastos, kahusayan sa pagpapatakbo, at maingat na kasanayan sa pamamahala ng pananalapi. Gayumpaman, ang tumataas na halaga ng gasolina, kagamitan, pagsasanay, medikal na suplay, at pagtatalaga ng tauhan ay mas mabilis na lumaki kumpara sa mga kasalukuyang pinagmumulan ng kita. Ang mga kasalukuyang kita ay hindi sapat upang pondohan nang tuloy-tuloy ang dami ng tauhan na kailangan para maabot ang mga sukatan kaugnay ng oras ng pagresponde at matugunan ang tumataas na mga pangangailangan sa serbisyo.

Ang iminumungkahing lokal na opsyon na singil sa buwis ay magbibigay ng pondo upang mapanatili at mapabuti ang mga serbisyong pang-emerhensiya sa loob ng Distrito. Kung maaaprubahan ng mga botante, ang kita mula sa ipapataw na buwis ay gagamitin para sa mga layunin kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkuha ng karagdagang mga full-time na bumbero/paramedic, pagsuporta sa kahandaan sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan at mga programa sa pagbabawas ng panganib sa komunidad, pagpopondo ng mga seasonal na tauhan para sa malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, pagpopondo ng isang full-time na mekaniko para sa pagpapanatili ng mga sasakyang pang-emerhensiya, at pagtiyak ng mga maaasahang kakayahan sa pagtugon sa emerhensiya.

Natukoy ng Lupon ng mga Direktor ang kinakailangang pagtatalaga ng mga tauhan kabilang ang tatlong karagdagang full-time na bumbero/paramedic (isa sa bawat shift), isang full-time na Espesyalista sa Pagbabawas ng Panganib ng mga Malawakang Sunog sa Kagubatan o Damuhan, patuloy na pana-panahong pagtatalaga ng mga tauhan upang suportahan ang kahandaan at pagtugon sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan, at isang full-time na mekaniko.

Ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa Distrito na humiling ng pag-apruba ng mga botante para sa lokal na opsyon na singil sa buwis alinsunod sa batas ng Oregon. Sa halalan sa Mayo 19, 2026, isasagawa ang halalan sa pamamagitan ng koreo. Ang pagsang-ayon o pagtanggi sa panukalang-batas ay pagpapasyahan ng mga botante sa loob ng Distrito.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Anthony D. Prior, Pinunong Bumbero, Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Sisters-Camp Sherman (Sisters-Camp Sherman Rural Fire Protection District))*